



Pag-iwas sa Pangkaraniwang Polusyon

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, alulod, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at makapasok sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa kalsada at mga kanal. **Ang mga tip na ito sa pag-iwas sa pangkalahatang polusyon para sa inyong negosyo ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.**

Sa Loob

OPISINA

- ▣ Bawasan ang paggamit ng papel sa pamamagitan ng paggamit ng magkabilang bahagi ng papel kapag nagpapakopya at magprint sa standard na pamamaraan.
- ▣ Alisin ang anumang hindi mahalagang paggamit ng papel sa pamamagitan ng paggawa ng mga elektronikong kopya o pagpapaliit sa sukat ng mga ito.
- ▣ Gamiting muli ang mga lumang pormularyo o basurang papel bilang mga note pad.
- ▣ Pumili ng mga produkto na may kaunting balot at lalagyan na maaaring gamitin muli.
- ▣ Bumili ng mga papel at produktong ni-recycle hangga't maaari.
- ▣ Alisin ang pangalan ng inyong kompanya sa mga mail list sa pamamagitan ng pagkansela ng mga hindi nagagamit na katalog o mga solisitasyon.
- ▣ I-update ang inyong mga mailing list para maalisan ang mga dobleng halaga ng materyal at pagpapadala sa koreo.
- ▣ Gamiting muli ang mga materyal na pambalot.
- ▣ Bilhin lang kung ano ang kailangan ninyo. Mag-order ulit kapag naabot na ang pinakamababang hangganan (threshold).
- ▣ Hikayatin ang mga mamimili na bawasan ang basura sa pamamagitan ng paggamit muli ng mga bag, lalagyan, at iba pang produkto na maaaring gamitin muli.

maaari nating
pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.

mas madami pang tip >>>



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.



Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng sistema ng storm drain o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. **Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.**

salamat

sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.



PAGRERECYCLE NG MGA SOLIDONG BASURA

- Ang Lalawigan ng San Diego ay may sapatang ordinansa sa pagrerecycle. Kung ang inyong negosyo ay nasa mga di-inkorporadong lugar, kontakin ang Recycling Hotline para humingi ng LIBRENG konsultasyon sa pagrerecycle para sa inyong negosyo. 877-R1Earth (877-713-2784).
- Kung ang inyong negosyo ay nasa siyudad, kontakin ang inyong siyudad para sa mas maraming impormasyon tungkol sa pagrerecycle.
- Inspeksyunin ang mga basurahan at lugar kung saan nagrerecycle para sa mga irecycle na namali ng paglalagyan. Ilagay ang mga bagay sa naaangkop na mga tapunan.

Sa Labas

MGA KALAT AT MALILIIT NA BASURA

- Regular na walisin ang mga dumi, dahon, at mga clipping sa mga lugar na paradahan at mga patag na lugar.
- Maayos na ilagay ang mga basurahan na may takip para maiwasan ang pagkakalat at mga ishinu-shoot na kalat.
- Magpaskil ng "No Dumping or Littering" o "Bawal Magtapon o Magkalat" na karatula sa inyong pag-aari.

PAGLALANDSCAPE

- Gumamit ng mga pesticide at pataba ayon sa mga tagubilin sa etiketa at huwag maglagay ng mga kemikal bago umulan.
- Alisin ang mga kalat, maliliit na basura, at mga bagay na organiko mula sa mga lugar na ni-landscape.
- Iayos ang mga ulo ng sprinkler para maiwasan ang sobrang pagdidilig at pag-agos.
- Gumamit ng mga likas o mga halamang tumatagal sa tagtuyot. Nakabawas ang mga halamang ito sa pagmementena at paggamit ng tubig.
- Magtipid sa paggamit ng tubig sa pamamagitan ng pagbawas o pag-alis ng damuhan.
- Hikayatin ang mga naglalandscape na irecycle ang mga halamang basura.

PAGGUHO

- Alisin o takpan ang anumang namuong materyal tulad ng lupa, pataba, o materyal sa pagtanim sa paso.
- Pangalagaan mula sa pagguho ang mga nagalaw na dalisdis na may higit sa limang talampakan ang taas, mahigit sa 250 metro kuwadrado ang kabuuang lugar, at mas matarik sa 3:1 (run-to-rise).

PAG-AGOS

- Ilagay ang mga tubo ng alulod nang malayo sa mga lugar na pinagtatrabahuhan at papunta sa mga lugar na nalalagusan tulad ng mga landscape.
- Pansamantalang takpan ang mga inlet ng kanal bago gumawa ng anumang aktibidad na may kasamang mga likido na maaaring matapon, tumagas, o umagos.
- Pana-panahong linisin ang mga bubong ng inyong (mga) gusali.
- Kung naglilinis ng sasakyan, ipunin ang mga tubig na pinanghugas upang hindi ito makapasok sa mga kanal.
- Gumamit ng mga pansalong lalagyan o iba pang paraan ng pag-ipon ng tapon para sa mga kagamitang nakatago sa labas.

Para sa karagdagang impormasyon at iba pang ideya, tanungin ang mga lokal na ahensya, mga pahayagan ng asosasyon ng kalakalan, at mga magasin.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.